

**Tala: 1**

Hysterectomy(includes abstract) Andrews J; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052404

Abstract: Ang hysterectomy ay isang salitang surgical para sa pagtanggap ng matris. Nagreresulta ang prosesong ito sa kawalang kakayahang magbuntis (tinatawag na pagkabaog). Maaaring gawin sa pamamagitan ng tiyan o puwerta. Ang hysterectomy ay karaniwang operasyon sa US. Humigit-kumulang 600,000 ay ginagawa bawat taon. Depende sa kalagayan, may mga alternatibo sa hysterectomy. Maaaring kabilang sa ibang mga pagpipilian ang mga paraang hindi operasyon at mga prosesong hindi kasing mapanglusob, gaya ng endometrial ablation.

[View English](#)

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

## Hysterectomy

(Surgical Removal of the Uterus [o Womb], Vaginal Hysterectomy, Abdominal Hysterectomy)

ng: Editorial Staff at Contributors

[\[View English Version\]](#)

### Kahulugan

Ang hysterectomy ay isang salitang surgical para sa pagtanggap ng matris. Nagreresulta ang prosesong ito sa kawalang kakayahang magbuntis (tinatawag na pagkabaog). Maaaring gawin sa pamamagitan ng tiyan o puwerta.

Ang hysterectomy ay karaniwang operasyon sa US. Humigit-kumulang 600,000 ay ginagawa bawat taon.

Depende sa kalagayan, may mga alternatibo sa hysterectomy. Maaaring kabilang sa ibang mga pagpipilian ang mga paraang hindi operasyon at mga prosesong hindi kasing mapanglusob, gaya ng endometrial ablation.

### Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

- Partial o subtotal hysterectomy—Pagtanggap sa matris (na hindi tinatanggal ang kuwelyo ng matris)
- Buo, kumpleto, o simpleng hysterectomy—Pagtanggap sa matris at kuwelyo ng matris (ang bukasang matris patungo sa puwerta)
- Radical hysterectomy—Pagtanggap sa matris, mga obaryo, mga fallopian tube, itaas na bahagi ng puwerta, at mga kulani sa balakang
- Salpingo-oophorectomy —Pagtanggap ng mga obaryo at mga fallopian tube (maaaring isama sa alinmang mga proseso sa itaas)

### Mga Dahilan para sa Proseso

## Cancer

Ginagawa ang hysterectomy sa halos lahat ng mga kaso ng cancer sa matris na hindi pa kumakalat sa labas ng matris. Kinakatawan lamang ng mga cancer na nakakaapekto sa mga organ sa balakang ang humigit-kumulang 10% ng lahat ng hysterectomies. Kasama dito ang mga:

- Endometrial cancer
- Uterine sarcoma
- Cancer sa kuwelyo ng matris
- Cancer sa obaryo
- Cancer sa fallopian tubes

Maaari ding gamitin ang ibang mga uri ng paggamot (hal, radiation o hormonal therapy).

## Iba Pang mga Dahilan

Bagaman kontrobersyal, maaaring gawin ang prosesong ito upang gamutin ang mga kondisyon sa matris kapag hindi nagtagumpay ang ibang mga paggamot. Kasama sa mga kondisyong ito ang:

- Uterine fibroids (myomas)—karaniwan, benign (noncancerous) tumors na tumutubo sa kalamnan ng matris.
  - Pangunahing sanhi para sa hysterectomies
  - Maaaring walang dulot na sintomas at maaaring hindi mangailangan ng paggamot, kadalasang lumiliit pagkatapos ng menopause
  - Minsan ay nagdudulot ng malakas na pagdurugo at sakit
  - Iba pang mga paggamot na maaaring gawin, na mahalaga kung gusto mong magkaroon ng anak
- Endometriosis —isang benign na kondisyon kung saan ang endometrial tissue (ang panloob na balat ng matris) ay tumutubo sa labas ng matris at sa kalapit na mga organ (hal, mga obaryo, mga fallopian tube, at ibang mga organ)
  - Pangalawang nangungunang sanhi (kadalasang ginagawa kapag hindi nagtagumpay ang iba pang mga paggamot)
  - Pinaka-karaniwan sa mga babaeng nasa kanilang 30s at 40s na hindi pa nagbubuntis
  - Maaaring magdulot ng masakit na pagrereglá, di-normal na pagdurugo sa puwerta, at minsan pagkabaog
  - Kadalasang hindi problema pagkatapos ng menopause
  - Maaaring gamutin ng mga hormone at mga gamot na nagpapababa sa kanilang estrogen
  - Maaaring gawin ang operasyon upang tanggalin ang mga batik ng endometrial tissue
- Uterine prolapse —isang benign na kondisyon kung saan bumabagsak ang matris mula sa kinaroonan nito pababa sa puwerta
  - Dahil sa mahina at nabinat na mga litid sa balakang at mga tissue
  - Maaaring apektuhan nito ang ibang mga organ (hal, pantog)
  - Maaaring dulot ng panganganak, obesity , at kawalan ng estrogen pagkatapos ng menopause
  - Kabilang sa paggamot ang estrogen therapy, Kegel exercise upang palakasin ang mga kalamnan sa pelvic floor, o paggamit ng pessary (isang plastic ring na ipinapasok sa puwerta upang tumulong na suportahan ang matris)
  - Sa malubhang mga kaso, ginagawa ang operasyon
- Iba pang mga dahilan: talamak na sakit sa balakang, malakas na pagdurugo habang o sa pagitan ng mga pagrereglá, at talamak na pelvic inflammatory disease (PID)

Tingnan ang iyong mga pagpipilian at magtanong ng maraming mga katanungan bago magkaroon ng hysterectomy.

## Salpingo-Oophorectomy

Sa maraming mga kaso, kapag ginawa ang hysterectomy, ginagawa rin ng doktor ang salpingo-oophorectomy. Sangkot dito ang pagtanggap sa mga obaryo at mga fallopian tube. Tanungin ang iyong doktor kung bakit mo kailangang gawin ito. Kung mayroon kang cancer o nanganganib, halimbawa, maaaring kailangang tanggalin ang mga obaryo.

Kung ipinapagawa mo ang operasyong ito dahil sa mga fibroid at ikaw ay premenopausal, kunin ang lahat ng impormasyon na kailangan mo bago magdesisyon. Magdudulot kaagad ng menopause ang pagtanggap sa iyong mga obaryo. At kung ikaw ay postmenopausal, gagawa pa rin ang iyong mga obaryo ng kaunting hormone na androgen.

### [Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso](#)

- Obesity
- Paninigarilyo
- Iron-deficiency anemia
- Karamdaman sa puso o baga
- Diabetes
- Naunang operasyon sa balakang o seryosong impeksiyon
- Paggamit ng nireresetang at di-nangangailangan ng resetang mga gamot sa nakaraang buwan

### Anong Maaasahan

## **Bago ang proseso**

Malamang na gagawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Mga pagsusuri sa dugo at ihi
- X-ray ng tiyan at mga bato
- Pelvic ultrasound —isang pagsusuri na gumagamit ng sound waves upang makita ang loob ng katawan
- Dilation and curettage (D&C)—operasyong nagtatanggal ng tissue mula sa panloob na balat ng matris

Sa paglapit ng mga araw papunta sa proseso:

- Ayusin ang sasakyan pauwi at makakatulong sa bahay.
- Maglagay ng mga enema upang linisin ang iyong intestinal tract.
- Ang gabi bago nito, kumain ng hindi masyadong nakakabusog na pagkain at huwag kumain o uminom ng anuman pagkalipas ng hatinggabi.
- Kung ibinilin, uminom ng mga antibiotic.

## **Anesthesia**

General o local anesthesia

## **Paglalarawan ng Proseso**


Aahitan ang bahagi ng iyong tiyan at balakang. Maaaring kailangan ang mga likidong IV at mga gamot, catheter sa pantog, at pagsasalamin ng dugo (bihira). Maaari ding tanggalin o kumpunihin ang ibang mga organ at mga tissue.

May tatlong iba't ibang paraan:

## **Abdominal Hysterectomy**

Hihiwain ang ibabang bahagi ng tiyan upang makita ang tissue at mga daluyan ng dugo na nakapaligid sa matris at kuwelyo ng matris. Hinihiwa ang tissue, at itinatali ang mga daluyan ng dugo upang tanggalin ang matris. Sinasaraduhan ang bahagi ng mga tahi na natutunaw. Tinatanggal ang matris mula sa ibabaw ng puwerta. Ang bahaging ito ay isinasara upang maiwasan ang impeksyon at upang iwasan ang pagluyloy ng mga bituka.

## **Abdominal Hysterectomy**




© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

## Vaginal Hysterectomy

Binibinat ang puwerta at pinananatiling bukas ng mga espesyal na kagamitan. Walang kailangang mga hiwa sa labas. Gagawa ang doktor ng hiwa sa loob sa ibabaw ng puwerta sa paligid ng kuwelyo ng matris. Tinatanggal ang matris at kuwelyo ng matris, at itinatali ang nagdurugtong na mga daluyan ng dugo. Tinatanggal ang matris at kuwelyo ng matris sa pamamagitan ng puwerta. Ang bahaging ito ay isinasara upang maiwasan ang impeksyon at upang iwasan ang pagluyloy ng mga bituka.

## Vaginal Hysterectomy



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

## Laparoscopically-Assisted Vaginal Hysterectomy (LAVH)

Ginagawa ang maliit na hiwa malapit sa pusod upang ipasok ang laparoscope. Pinapahintulutan ng maliit na kagamitang ito na makita ng doktor ang mga organ sa balakang. Pinapalobo ang tiyan gamit ang carbon dioxide upang makita nang mas mabuti ang mga organ at magkaroon ng mas maraming espasyo. Ginagawa ang ibang maliliit na hiwa sa tiyan. Sa pamamagitan ng mga hiwang ito, ipinapasok ang mga instrumento. Ginagawa rin ang isang hiwa kung saan nakadugtong ang matris sa puwerta. Marahang itinutulak ang pantog at tumbong palayo sa matris, na tinatanggal sa pamamagitan ng hiwa sa puwerta. Pagtapos ay isasara ang puwerta upang maiwasan ang impeksiyon at iwasan ang pagluyloy ng mga bituka. Pagkatapos ay tinatahi ang mga bahagi.

Sa bawat proseso, inilalagay ang vaginal "packing" sa puwerta. Tatanggalin ito pagkatapos ng 1-2 araw.

## Pagkatapos ng Proseso

Ipadalala ang tissue sa laboratoryo upang masuri. Sa recovery room, magkakaroon ka ng mga likidong IV at mga gamot.

## Gaano Katagal Ito?

1-3 na oras

## Masakit Ba?

Pinipigilan ng anesthesia ang sakit habang inooperahan. Asahan ang ilang pananakit, pamimigat ng balakang, pamamaga, at pagdurugo sa puwerta o discharge sa mga unang araw. Bibigyan ka ng gamot para sa sakit.

## Mga Posibleng Kumplikasyon

- Mga reaksiyon sa anesthesia
- Sakit
- Impeksiyon
- Pagdurugo
- Pagod
- Napinsalang mga organ ng balakang (puwet at/o pantog)
- Urinary incontinence (mga problema sa pagkontrol sa iyong ihi)
- Pagkawala ng kakayahan ng obaryong gawin ang tungkulin nito at maagang menopause
- Labis na pagkalungkot
- Sexual dysfunction

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

- Abdominal hysterectomy: 3-5 na araw
- Vaginal hysterectomy: 1-2 na araw

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

Kadalasang kailangan ng 6-8 linggo upang gumaling mula sa abdominal hysterectomy. Mas mabilis ang paggaling sa ibang mga proseso. Kinaumagahan pagkatapos ng operasyon, maaaring tatanggalin ang catheter at IV.

Habang gumagaling, maaaring hingin ng iyong doktor na:

- Sa unang gabi, umupo sa kama at maglakad sa malapit.
- Panatilihin malinis at tuyo ang lugar ng sugat.
- Dahan-dahang damihan ang iyong mga gawain. Umpisahan sa mga magandang na trabaho, sandaling paglalakad, at mga pagmamaneho. Depende sa iyong hanapbuhay, maaaring makakabalik ka na sa trabaho.
- Sa unang dalawang linggo, magpahinga at iwasan ang pagbubuhat.
- Mag-shower sa halip na maligo.
- Upang tulungan ang paggaling, kumain ng diyeta na mayaman sa mga prutas at gulay . Tanungin sa iyong doktor kung kailangan mong uminom ng iron .
- Subukang iwasan ang pagtitibi . Kumain ng pagkaing mayaman sa fiber , uminom ng tubig, at gumamit ng pampalambot ng dumi kung kailangan.

- Maghintay ng anim na linggo bago maligo at muling makipagtalik.
- Tanungin ang iyong doktor kung kailan ka maaaring mag-douche at gumamit ng mga tampon.
- Tanungin rin ang tungkol sa Kegel exercises.
- Kung mayroon ka pang kuwelyo ng matris, regular na pumunta para sa Pap smear .

## Resulta

### **Pisikal**

Pinapahinto ng pagtanggap sa matris ang di-normal na pagdurugo, binabawasan ang puwersa sa balakang, at tinatanggal ang mga fibroid. Maaaring magpatuloy o bumalik ang ilang ibang kondisyon, gaya ng cancer.

Hindi ka na magkakaroon ng regla at hindi ka na magbubuntis. Hindi kailangan ang pangkontrol sa pagbubuntis. Kung mayroon ka pang mga obaryo, matutunaw ang mga itlog sa iyong tiyan.

Kung natanggal ang mga obaryo, kaagad na mangyayari ang menopause. Maaaring ibilin ng iyong doktor na magkaroon ka ng estrogen replacement therapy .

### **Emosyonal**

May matinding reaksiyon ang ilang mga babae, kabilang ang labis na pagkalungkot, bilang tugon sa pagkawala ng kanilang matris. Kausapin ang iyong doktor tungkol sa iyong mga damdamin.

### **Sekswal**

Napapansin ng ilang mga babae ang pagbabago sa kanilang tugon sa pagkikipagtalik. Dahil natanggal ang matris, maaaring hindi na mangyayari ang uterine contractions na nararamdaman ninyo kapag may orgasm. Kung natanggal ang mga obaryo, maaaring maging problema ang panunuyo ng puwerta. Maiibsan ito ng estrogen.

Ang ilang babae ay mas nasisiyahan sa pagkikipagtalik. Maaaring ito ay dahil wala na silang nararamdamang sakit dahil sa kondisyon at hindi na sila nag-aalala tungkol sa pagbubuntis.

## Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

- Lagnat
- Pagkahilo o pagkahimatay
- Pagduduwal at pagsusuka
- Kahirapan sa paghinga
- Malakas na pagdurugo
- Leakage mula sa hiwa o bumukas ang hiwa
- Sakit kapag umihi ka
- Pamamaga, pamumula o sakit sa iyong binti

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008  
**Número ng Item:** 2010052404